Mt. Zion Baptist Missions Philippines – Sermon Notes
www.mzbmp.org | facebook.com/mzbmp | www.sermonaudio.com/mzbmp
mobile: 09154948573 | Missionary Bill Hardecker

**Pamagat**: Ano Ang Kasalanan?

**Text:** 1 Corinthians 15:3 "For I delivered unto you first of all that which I also received, how that Christ died for our sins according to the scriptures;"

*Pagsasalin*: Sapagka't ibinigay ko sa inyo una sa lahat, ang akin namang tinanggap: na si Cristo ay namatay dahil sa ating mga kasalanan, ayon sa mga kasulatan,

**Panimula**:

1. Si Cristo ay namatay dahil sa ating mga kasalanan – kaya nararapat lamang na alam natin kung ano ang kasalanan at dapat amin natin na tayo ay makasalanang tao.
2. 1 John 3:4 - Ang sinomang gumagawa ng kasalanan ay sumasalangsang din naman sa kautusan: at ang kasalanan ay ang pagsalangsang sa kautusan. (lumalabag sa kautusan ng Dios)
3. Ang turo ng Biblia ay ang lahat ng tao ay makasalanan (Romans 3:23; 6:23).
4. Ano ang ibig sabihin nito: 1. Lahat ng tao ay lumabag sa batas ng Dios; 2. Walang tao ang umaabot sa katuwiran at pamantayan ng Dios; (illustration: pagtalon sa isang kanal). (Romans 3:10-18)
5. Sa bibig at salita pa lang ng tao – makikita natin ang makasalanang kalagayan natin. Lahat ng masamang salita ay laban sa ating Manlilikha.
6. Yun pamamaraan ng kapayapaan ay hindi nila matamo; pati takot sa Dios – wala. Paano ito nangyari sa atin?

I. **Ang Pagbasak ng Sankatauhan ay Nagsimula sa Hardin ng Eden**. (Genesis 1-3)
   - A. Lumabag si Adan at si Eba sa Dios (Gen. 2:15-17)
   - B. (Gen. 3:1-6) – Binali nila ang batas ng Dios! Hinatol sila ng Dios (Gen. 3:14-19)
   - C. Subalit bago pinatalsik ng Panginoon sila Adan at si Eba, ay tinakpan Niya sila ng parang sako na gawa sa balat ng hayop. Ito ay larawan ng katuwiran na inilagay sa atin galing kay Cristo dulot ng kanyang sakripisyo at kamatayan sa krus para sa ating mga kasalanan. (Gen. 3:21)
     - C.1. Ang mga kasuutang balat ay nagtatakip sa kahubaran nila.
     - C.2. Mayroong inosenteng hayop ang namatay bilang kapalit nila.
     - C.3. Sapat ang gawa ng Dios upang takpan sila; pero ang gawa ng tao ay hindi sapat.
     - C.4. Ang gawa ng Dios na kasuutang balat ay tinanggap nila – ganito rin ang ebanghelyo!

II. **Ang Batas ng Dios ay Nagpapatunay sa Atin na Tayo ay Makasalanang Tao**.
   - A. Tingnan ang 10 Commandments – Exo. 20:1-17.
   - B. Walang sino mang tao ang maaring tumupad ng lahat ng ito. (James 2:10)
   - C. Ibinigay sa atin ang Batas hindi para alam natin na tayo ay matuwid, kundi para patunayan sa atin na tayo ay may sala.

III. **Ang Ugat at Parusa ng Ating mga Kasalanan**: (Ay ang puso natin, Jeremiah 17:9; Mk. 7:20-23)
   - A. Pinapansin ng Dios ang puso ng tao.
   - B. Parurusahan ng Dios ang bawat kasalanan natin. (Ecclesiastes 12:14; Matt. 12:36)
   - C. Mayroong daga't-dagatang apoy para sa lahat ng makasalanang tao. (Revelation 20:15)

IV. **Ang Lunas para sa Ating mga Kasalanan**:
   - A. Ang tanging lunas lamang upang makatakas ang tao sa hatol ng Dios ay tanggapin si Jesu-Cristo.
   - B. Inaamin ito: Ako ay kasing sama ng sinasabi mo sa iyong Banal na Kasulatan.
   - C. Tinatawag ng Panginoong Jesus ang lahat na magsisi ng kasalanan, mga maling paniniwala, mga bagay na inaasahan ng kaluluwa maliban lamang kay Cristo. Magsisi (Luke 5:31-32)!

**Katapusan**:

1. Ang kasalanan ay ang paglabag sa kautusan ng Dios. Ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan.
2. Pero ang kaloob ng Dios ay buhay na walang hanggan – Ano ang gagawin mo sa iyong mga kasalanan?
3. Magsisi at tanggapin si Jesus bilang iyong Panginoon at Tagapagligtas!